

## S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™

### Humina ang paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN

#### Mga pangunahing nalaman:

Bumagal ang paglago sa output

Pinakamabagal ang pagtaas ng mga bagong order sa loob ng 13 buwan

Pinakamataas ang kumpanya sa negosyo magmula Abril 2016

Kinolekta ang data noong 12-25 October

Humina ang paglago sa mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa ASEAN pagkatapos ng matatag na wakas ng ikatlong quarter, ayon sa pinakabagong data ng survey ng S&P Global PMI.

Ang headline na PMI na 51.6 ngayong Oktubre, na bumaba mula sa 53.5 noong setyembre, ay nagpahiwatig ng pinakamabagal na pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa buong rehiyon magmula sa simula ng kasalukuyang sunod-sunod na paglawak noong Oktubre 2021.

Malaking bilang sa mga kasapi sa ASEAN ang nag-ulat ng paghusay sa kabuuan ng kanilang sektor ng pagmamanupaktura noong Oktubre, maliban sa Myanmar at Malaysia. Ang Singapore ang nanatiling pinakamahusay na performer sa loob ng ikalabing-isang magkakasunod na buwan. Gayunpaman, kung isasaayos ayon sa panahon, ang headline na PMI ay bumagsak sa 56.0 noong Oktubre. Bagama't ang tinukoy na paglawak ay matindi sa pangkalahatan, ito rin ang pinakamahina magmula Marso.

Umakyat sa kinalalagyan ang Pilipinas, sa pagtatala ng pangalawang pinakamabilis na paglago sa lahat sa pitong bansa. Sa kabila ng bahagyang pagbagal ng paglawak (52.6) mula sa pinakamataas na naitala noong Setyembre sa loob ng tatlong buwan, nakapag-ulat ang mga producer ng mga produkto ng katamtamang paghusay sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura.

Ang pinakabagong pagbuti para sa mga nagmamanupaktura sa Indonesia ay nadiskaril din noong huling yugto ng survey (51.8). Katulad nito, ang mga nagmamanupaktura sa Thailand ay nakapagtala ng mas mabagal na pagbuti kaysa noong Setyembre. Sa katunayan, ang pagtaas ang pangalawang pinakamabagal sa kasalukuyang sequence ng paglago na nagsimula noong Enero (51.6).


Mabagal ang paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura ng Vietnam (50.6). Ang pinakabagong pagtaas ay bumagal mula noong Setyembre sa pinakamabagal sa kasalukuyang 13

buwang serye ng paglawak.

Sa ibang panig, ang Malaysia at Myanmar ay nag-ulat ng mga contraction sa kani-kanilang ikalawa at ikaanim na magkakasunod na buwan. Ang mga nagmamanupaktura sa Malaysia ay nakaranas ng mas mabilis na paghina noong Oktubre (48.7). Kung isasaayos ayon sa panahon, ang headline na PMI para sa Myanmar ay tumaas mula sa kamakailang baba noong Setyembre, ngunit patuloy itong nagpahiwatig ng matinding paghina sa buong sektor (45.7).

#### S&P Global ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Mabilis na tumaas ang mga antas ng produksyon - bagama't mas kaunti - sa mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Oktubre sa gitna ng ebidensya ng bumubuting mga kundisyon ng demand. Gayunpaman, ang pinakabagong pagbuti sa paparating na bagong negosyo ang pinakamabagal sa kasalukuyang 13 buwang serye ng paaglawa at bahagya lang ito sa pangkalahatan.

Bagama't ang paglikha ng trabaho ay umabot na sa ikaapat nitong magkakasunod na buwan, na nagpapahiwatig ng kagustuhan ng mga kumpanyang palakihin ang kapasidad para masabayan ang mga lumalaking pangangailangan sa produksyon, bumagal ang paglago mula sa mataas na naitala sa survey noong Setyembre, na nagpapahiwatig ng maliit lang na paglawak sa mga bilang ng payroll. Katulad nito, bumagal ang paglawak sa aktibidad ng pagbili mula sa pinakamataas na naiulat na bilis noong nagdaang buwan.

Ang mas mabagal na pagtaas ng mga pagkuha ng raw material at semi-finished na produkto ay nakaapekto sa mga antas ng imbentaryo. Ang mga stock ng imbentaryo bago ang produksyon ay lumiit sa unang pagkakataon sa

# Pag-release ng Balita

loob ng apat na buwan, na may negatibong epekto sa headline na PMI.

Isang panibagong pagbagsak sa antas ng hindi pa tapos na trabaho ang nairehistro sa buong sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Oktubre, na nagpapahiwatig ng sobrang kapasidad. Ang mga backlog ay bumagsak na sa tatlo sa nakaraang apat na yugto ng survey.

Kasabay nito, pinakamabilis na humaba ang mga karaniwang lead time sa loob ng tatlong buwan. Ang mga pagkaantala sa shipping, pagsikip sa daungan at shortage ng materyales ay patuloy na nakakapagdagdag ng pressure sa mga supply chain.

Ukol sa mga presyo, ang mga average na pasanang gastos ay tumaas sa mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa rehiyon ng ASEAN. Gayunpaman, habang patuloy na mabilis ang inflation ng presyo ng input, bumagal ito sa ikaapat na magkakasunod na buwan sa pinakamabagal magmula Agosto 2021. Tumaas din ang mga ipinapataw na singil noong Oktubre. Gayunpaman, bagama't kapansin-pansin sa pangkalahatan ang inflation sa presyo ng output, ito ang pangalawang pinakamabagal sa loob ng walong buwan.

Sa kabila ng pag-uulat ng mga nagmamanupaktura sa ASEAN ng mas mababagal na paglago nitong pinakahuling yugto ng survey, tumaas ang mga inaasahan sa hinaharap, kung saan ipinapahiwatig sa pinakabagong data ang pinakataas na kumpanya magmula Abril 2016. Ayon sa mga panellist, ang mga positibong inaasahan ay napalakas ng mga bumubuting kundisyon ng demand.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

*“Ang pinakabagong data ng PMI ay nagpahiwatig ng pagbagal ng paglago sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN. Pinakamabagal ang paghusay ng mga kundisyon sa pagpapatakbo sa kasalukuyang 13 buwang sequence ng paglawak. Nakapagtala ng mga mas mahinang pagbuti para sa output at mga bagong order. Bagama't nanatiling matatag ang paglawak sa mga antas ng produksyon, mabagal ang paglago ng mga order sa pabrika noong Oktubre.*


*“Ang pagbagal ay isinalamin din ng mahinang aktibidad ng hiring at mas mahinang paglawak sa mga antas ng pagbili, kung saan isinaad ng mga kumpanya ang pagbagal ng paglago mula sa mga mabilis na naitala noong mga nakaraang buwan.*

*“Kaugnay nito, may mga senyales ng patuloy na paghina ng mga pressure sa presyo, kung saan ang mga average na pasanang gastos ay tumaas nang pinakamabagal sa loob ng 14 na buwan. Gayunpaman, ang pagbagal ng demand ay isa sa mga maiuugnay rito. Sa kabila nito, patuloy na positibo ang pananaw ng mga nagmamanupaktura sa lahat ng mga rehiyon, kung saan ang kumpanya sa negosyo ay kapansin-pansing tumaas sa pinakamataas magmula Abril 2016.”*

-Tapos na-

## Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

PMI™

by S&P Global

# Pag-release ng Balita

## Makipag-ugnayan

### S&P Global Market Intelligence

Maryam Baluch

Ekonomista

Telepono +44-12-4432-7213

Email: [maryam.baluch@spglobal.com](mailto:maryam.baluch@spglobal.com)

### S&P Global Market Intelligence

SungHa Park

Corporate Communications

Telepono +82 2 6001 3128

Email [sungha.park@spglobal.com](mailto:sungha.park@spglobal.com)

## Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

## S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2022 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. [www.spglobal.com](http://www.spglobal.com)

## Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, [mag-click dito](#).

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited at/o mga affiliate nito.

Pina-publish ang Content na ito ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kinaaukulang panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Content Provider") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kompleto, pagiging napapanahon o availability ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang mga pagkakamali o omisyon (nang pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kasama ang nalulugi ng kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng anumang Content.

# PMI™

by **S&P Global**

Copyright © 2022 S&P Global